

Mangga

Pumitas si Carlo ng mangga. Berde pa ang mangga. Inilagay niya ito sa mesa. Hinintay niya itong mahinog. Masaya si Carlo.

Mga Tanong:

1. Sino ang pumitas ng mangga?
2. Ano ang kulay ng mangga?
3. Saan inilagay ang mangga?
4. Ano ang ginawa ni Carlo sa mangga?

Saging

May dala-dalang saging si Nanay. Galing ito sa palengke. Nilagay niya ito sa kusina. Kumuha ng isa si Tina. Kinain niya ito sa umaga.

Mga Tanong:

1. Sino ang may dalang saging?
2. Saan galing ang saging?
3. Saan nilagay ang saging?
4. Sino ang kumain ng saging?

Pakwan

Naghiwa si Tatay ng pakwan. Binigyan niya ang mga bata. Malamig ang pakwan. Sabay-sabay silang kumain ng pakwan sa mesa sa bakuran.

Mga Tanong:

1. Sino ang naghiwa ng pakwan?
2. Ano ang ginawa ni Tatay sa pakwan?
3. Sino ang binigyan ng pakwan?
4. Saan sila kumain ng pakwan?

Dalandan

May dalandan sa bag ni Lea. Dinala niya ito sa paaralan. Kinain niya ito sa oras recess. Napangiwi siya sa asim. Uminom siya ng tubig.

Mga Tanong:

1. Sino ang may dalandan?
2. Saan dinala ang dalandan?
3. Kailan kinain ang dalandan?
4. Ano ang lasa ng dalandan?

Mansanas

Nakita ni Tom ang mansanas sa mesa. Pinunasan niya ito. Hinati niya ang mansanas. Ibinahagi niya sa kapatid. Nagpasalamat ang kapatid.

Mga Tanong:

- 1. Sino ang nakakita ng mansanas?**
- 2. Ano ang ginawa niya bago kainin ito?**
- 3. Ano ang ginawa niya sa mansanas?**
- 4. Sino ang binigyan niya?**

Ubas

May isang bungkos ng ubas. Hinugasan ito ni Lola. Nilagay niya sa mangkok. Kumuha ang mga apo. Natuwa ang lahat.

Mga Tanong:

1. Ano ang mayroon sa kuwento?
2. Sino ang naghugas ng ubas?
3. Saan nilagay ang ubas?
4. Sino ang kumuha ng ubas?